

Mga bakuna sa COVID-19 para sa mga batang 5-11 taong gulang

Inilathala noong Marso 2022

Higit **1.6 milyong** batang 5-11 taong gulang ang nakatanggap ng bakuna sa COVID-19 sa Canada.

Mas marami pang bata ang nababakunahan araw-araw.



Makakatulong ang impormasyong ito para makapagdesisyon ka kung ano ang pinakanarapat para sa iyo at iyong anak.

Bakuna sa COVID-19 para sa mga bata

Maaaring makakuha ng bakuna para sa COVID-19 nang libre sa B.C. ang sinumang 5 taong gulang pataas.

- Naaprubahan ang bakunang Pfizer-BioNTech para sa mga batang 5-11 taong gulang.
- Naaprubahan ang bakunang Moderna para sa mga batang 6-11 taong gulang.
- Mas kaunti ang dose para sa mga bata kumpara sa mga nasa hustong gulang. Katulad ito ng ilan pang bakuna para sa mga bata.
- Maingat na sinuri ng Health Canada ang data ng bakuna upang matiyak na ito ay ligtas at epektibo.

Paano gumagana ang mga bakuna

Tinuturuan ng mga bakuna ang iyong immune system na kilalanin at labanan ang COVID-19 virus.

- 1 Nagbibigay ang bakuna ng instruksiyon sa ating mga cell kung paano bumuo ng isang harmless o hindi nagbibigay pang-anib na bahagi ng virus.
- 2 Alam ng ating immune system na ang bahaging ito ay hindi nabibilang sa ating katawan at gumagawa ng antibodies.
- 3 Kung na-expose tayo sa virus, mayroon na ngayong kakayahan ang ating katawan na labanan ito nang hindi malubhang nagkakasakit.

COVID-19 sa mga bata

Karamihan sa mga batang nagkakaroon ng COVID-19 ay mayroong mild (hindi malubha) na sintomas. Maaaring magkaroon sila ng lagnat at ubo, o walang sintomas. Subalit maaaring magkaroon ng malubhang sakit ang ibang bata.



Malubhang sakit dahil sa COVID-19

Mahigit 100 bata sa B.C. ang naospital dahil sa COVID-19.

(Data ng BCCDC noong Peb 2022)

Maaaring magkaroon ng severe (malubha) na impeksiyon sa baga at mga problema sa puso tulad ng myocarditis ang mga bata dahil sa COVID-19. Napakabihira ng pagkamatay ng mga batang 5-11 taong gulang dahil sa COVID-19.

Mas mataas ang pagkakataon na magkaroon ng malubhang sakit ang mga bata na hindi fully vaccinated o mayroong partikular na medikal na kondisyon.

Mga pangmatagalang epekto ng COVID-19

Mayroong ilang sintomas ng mga bata na magtatagal nang ilang linggo o buwan pagkatapos magkaroon ng COVID-19.

Maaaring kabilang sa mga pangmatagalang sintomas ang pananakit ng ulo, pagkapagod at kahirapan sa konsentrasyon.

Ang Multisystem inflammatory syndrome in children (MIS-C) ay isang rare (bihira) ngunit malubhang kondisyon na maaaring mangyari ilang linggo pagkatapos magkaroon ng COVID-19.

- Maaaring magkaroon ng inflammation o pamamaga ang iba't ibang organ (bahagi ng katawan).
- Karamihan sa mga bata ay kailangang maospital ngunit gumagaling kapag nabigyan ng gamot.

Mga bakuna sa COVID-19 para sa mga batang 5-11 taong gulang

Inilathala noong Marso 2022

Mga benepisyo ng bakuna

Naiiwasan ang malubhang pagkakasakit

Nakakatulong ang mga bakunang maprotektahan ang mga bata mula sa malubhang pagkakasakit dahil sa COVID-19.

Kahit na nagkaroon na sila ng COVID-19, makakapagbigay ang bakuna ng mas malakas at mas pinahabang immune response.



1.8x

1.8 na beses na mas mataas ang pagkakataon na maospital ang mga hindi bakunadong batang 5-11 taong gulang kaysa sa mga bata na may hindi bababa sa isang dose ng Pfizer.

(Data ng BCCDC mula Dis 15, 2021 hanggang Feb 12, 2022)

Mas ligtas na interaksyon

Nakakatulong ang mga bakuna para magkaroon ng mas mababang pagkakataon na hindi makasali ang mga bata sa mga mahalagang aktibidad, tulad ng pagpasok sa paaralan, pagsali sa sports at mga social event.



Kaligtasan ng bakuna

Sinusubaybayan ang maraming data tungkol sa kaligtasan ng bakuna habang milyong-milyong bata ang binabakunahan.

Mga karaniwang side effect

Maaaring magkaroon ng mild side effects o hindi malubhang epekto ang mga bata pagkatapos mabakunahan na maaaring tumagal nang 1-3 araw, kabilang ang:



Masakit na braso



Fatigue o pagkapagod



Pananakit ng katawan

Normal ang mga ito at nagpapakita na gumagana ang kanilang immune system.

Rare (bihira) na malubhang pangyayari

Napakabihira na magkaroon ng malubhang pangkaligtasang pangyayari tulad ng allergic reaction o myocarditis.

Nakatanggap ng gamot at mabilis na gumaling ang mga batang nagkaroon ng malubhang pangyayari.

Mas mataas ang panganib ng mga bata na maospital kung magkakaroon sila ng COVID-19, kaysa sa anumang rare (bihira) na epekto ng bakuna.

Patuloy na sinusubaybayan ang kaligtasan ng bakuna.

Mayroon pang mga tanong?

Makipag-ugnayan sa isang doktor, nurse o pharmacist, o tumawag sa **8-1-1**.

Pabakunahan ang iyong anak

Magrehistro sa gov.bc.ca/vaccineforkids-TL
O tumawag sa **1-833-838-2323**

Higit pang matuto sa

bccdc.ca/covid19vaccinechildren